# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## Tanggapan ng Sangguniang Bayan

BAHAGI NG KATITIKAN NG HINDI PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY,RIZAL NA IDINAOS NUONG HULYO 25, 1996, SA BAHAY KAWAYAN RESTAURANT, TAYTAY,RIZAL

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr. | - | Pang.Punong Bayan Tagapamatnugot |
| Kgg. George Ricardo R. Gacula | - | Konsehal |
| Kgg. Nathaniel C. Aguilar | - | " |
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr. | - | " |
| Kgg. Alfredo S. de Leon | - | " |
| Kgg. Ernesto G. Policarpio | - | " |
| Kgg. Noel Ireneo E. Reyes | - | " |
| Kgg. Randy S. San Juan | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | ABC President |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | SK President |

\- - - - - - - - - - - -

**KAPASIYAHAN BILANG 63**

**KAPASIYAHANG NAGSASAAD NG PASASALAMAT KAY G. JULIO S. CRUZ, GENERAL MANAGER J.S. CRUZ CONSTRUCTION AND DEVELOPMENT INC. (CRUZCON), SA KANYANG PAGKAKALOOB (DONATION) NG APAT NA RAAN ANIM NAPU'T DALAWANG METRO KUWADRADONG (462 SQ.M.) SA PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY NA GAGAMITING DAAN GALING SA BRGY. SAN ISIDRO PATUNGONG HIGHWAY 2000.**

SAPAGKAT, ang nasabing lupa ay nasa pagitan ng Brgy. San Isidro at Brgy. San Juan na nasasakop ng Highway 2000. at ito ay pag-aari ni G. Julio S. Cruz ng J.S. Cruz Construction and Development Inc. (Cruzcon);

SAPAGKAT, kailangan natin bigyan-pansin ang kanyang pagkakaloob ng APAT NA RAAN ANIM NAPU'T DALAWANG METRO KUWADRADO (462 sq.m.) lupa sa Pamahalaang Bayan ng Taytay;

SAPAGKAT, ang nasabing pagkakaloob ng lupa ay malaking pakinabang sa Pamahalaan at Mamamayan sa dahilang ito ay gagawing daan na manggagaling sa Brgy. San Isidro patungong Brgy. San Juan na sa pagitan ng Highway 2000 na karugtong ng ating Pamilihang Bayan.

DAHIL DITO, matapos ang masusing pag-aaral at pagpapalitan ng mga kuro-kuro,

PINAGPASIYAHAN, na kagaya ng pagkakapasiya, na sa pamumuno ng ating Kgg. Mayor Godofredo C. Valera at ng Sangguniang Bayan ng Taytay, ay nagpapahatid ng kanilang taos-pusong pasasalamat kay G. Julio S. Cruz , Manager. J.S. Cruz Construction and Development Inc. (Cruzcon).

PINAGPASIYAHANG PANG MULI, na ipadala ang siping ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kaalaman.

PINAGTIBAY , ngayong ika-25 ng Hulyo, 1996, sa Bahay Kawayan Restaurant, Taytay,Rizal.

ORIGINAL SIGNED
BENJAMIN L. ESGUERRA,JR.
**Pang.Punong Bayan**
**Tagapamatnugot**

PINATOTOO:

ORIGINAL SIGNED
ABGD. EDWIN P. CRUZ
**Kalihim- Sanggunian Bayan**

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED
GODOFREDO C. VALERA
**Punong Bayan**

R6296
files: Amy c: